Ano ang hindi binibilangin na kita?

Hindi lahat ng mga pagbabayad na salapi ay binibilang na kita. Halimbawa, hindi binibilang ng Social Security ang:

- Tulong sa food stamp;
- Tulong sa pabahay;
- Tulong sa enerhiya sa bahay:
- Tulong sa medikal na paggamot at mga gamot;
- Tulong sa kalamidad;
- Mga credit ng tax sa kita;
- Tulong mula sa mga iba pa upang bayaran ang gastusing pambahay;
- Bayad sa biktima ng krimen; at
- Mga scholorship at paggawad na pampag-aral

Dapat mong kontakin ang Social Security para sa impormasyon tungkol sa ibang mga kitang hindi isinasama.

Makatutulong ba ang mga ahensiya ng State sa aking gastos sa Medicare?

Kapag nag-apply ka sa Karagdagang Tulong, maari din niyong umpisahan ang paraang pag-apply sa mga Medicare Savings Program—mga program ng State na nagbibigay ng tulong para sa iba pang gastusin sa Medicare. Ipadadala ng Social Security ang impormasyon niyo sa iyong State maliban sa sabihin niyo sa amin na huwag, sa application ng Karagdagang Tulong. Magko-contact ang State sa iyo upang tulungan kayong mag-apply sa isang Medicare Savings Program.

Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng Karagdagang Tulong sa iyong mga gastos sa plano ng Medicare para sa de-resetang gamot, bisitahin ang ***www.socialsecurity.gov/extrahelp*** o tawagan ang Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**).

Maaari kang mag-apply online para sa Karagdagang Tulong sa ***www.socialsecurity.gov/extrahelp;*** tawagan ang Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) upang mag-apply sa telepono o hilingin na mag-mail sa inyo ng application; o mag-apply sa tanggapan ng Social Security sa inyong lugar. May mga kinatawan ng Social Security na tutulong sa iyo sa pag-complete ng iyong application.

Kung kailangan ninyo ng impormasyon tungkol sa mga Medicare Savings Programs, plano ng Medicare sa de-resetang gamot, kung papaanong mag-enroll sa isang plano, o para humiling ng kopya ng handbook na *Medicare & You*, bisitahin ang ***www.medicare.gov*** o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**); TTY **1-877-486-2048**). Pagtumawag ka, maari kang humiling ng impormasyon kung papaano niyo ma-contact ang State Health Insurance Assistance Program (SHIP). Makatutulong ang SHIP sa iyong mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot. Maari din niyong mahanap sa iyong handbook ng Medicare ang impormasyong pang-contact sa SHIP sa inyong lugar o kunin ang impormasyon nang online sa ***www.medicare.gov/contacts/organization-search-criteria.aspx***.

Social Security Administration
SSA Publication No. 05-10115TL
January 2011
WEB ONLY